

Capital Plan ng 2027-2030

Ano ang capital plan?

Ang Capital Plan ay isang apat na taong plano sa pamumuhunan na tumutulong sa pagpapanatili, pagpapanibago, at pagpapabuti ng imprastraktura at mga pasilidad na inaasahan ng mga tao araw-araw. Kabilang dito ang mga parke, kalsada at bangketa, mga sistema ng tubig at alkantariya, mga sentro ng komunidad, mga aklatan, mga pasilidad para sa kaligtasan ng publiko at iba pang imprastrakturang sibiko.

Ang draft na Capital Plan ng 2027-2030 ay nagmumungkahi ng \$3.5B na pamumuhunang kapital (at \$0.1B na mga in-kind amenity na ibinibigay sa pamamagitan ng mga proyektong pangkaunlaran). Ang mga pamumuhunang ito ay nakatutulong sa maayos na pagtakbo ng Vancouver at pagsuporta sa kalidad ng buhay sa buong lungsod — kabilang ang kung paano gumagalaw ang mga tao, nakakakuha ng mga serbisyo, nakikipag-ugnayan sa komunidad, nasisiyahan sa mga pampublikong espasyo at tumatanggap ng mga mahahalagang serbisyo.

Ginagamit ang malaking bahagi ng pondo ng Capital Plan sa pagpapanatili at pagpapanibago ng mga kasalukuyang imprastraktura at mga pasilidad upang mapanatili ang mga ito na ligtas, maaasahan, at nasa mabuting kondisyon. Sinusuportahan ng mga karagdagang pamumuhunan ang imprastraktura at mga pasilidad sa hinaharap na kinakailangan upang matugunan ang lumalaking lungsod at populasyon.

Ang Konseho ng Lungsod ng Vancouver ay nagbigay ng direksyon na magbibigay ng impormasyon sa pagbuo ng draft na Capital Plan ng 2027-2030. Kasama dito ang malaking pagtaas ng pamumuhunan na \$104 milyon sa mga kalsada at bangketa at \$400 milyon para sa mga pasilidad ng libangan ng komunidad sa buong lungsod.

Anong mga uri ng imprastraktura ang kasama sa draft na Capital Plan ng 2027-2030?

Mayroong 11 kategorya ng imprastraktura o mga amenidad na kasama sa draft na Capital Plan:



Inuming tubig, tubig-ulan at wastewater



Mga pasilidad at kagamitang sibiko



Utility sa basura at enerhiya



Pampublikong kaligtasan



Teknolohiya



Katatagan sa klima at lindol



Mga lansangan



Sining, kultura at pamana



Mga parke at mga pampublikong bukas na espasyo



Mga pasilidad ng komunidad (kasama ang pangangalaga ng bata)




Pabahay

Pagpopondo sa imprastruktura ayon sa kategorya

Ang sumusunod na talahanayan ay nagbabalangkas kung magkano ang perang iminumungkahi para sa bawat isa sa 11 kategorya batay sa mga kontribusyon mula sa Lungsod (buwis sa ari-arian, bayarin sa tubig at alkantarilya, at mga kasalukuyang reserba), mga kontribusyon sa pagpapaunlad (pera at bagay), at mga kasosyo.

Ang Draft na Capital Plan ay nagmungkahi ng mga pamumuhunan ayon sa pinagmumulan ng pagpopondo (\$ milyon)



Mga pangunahing tampok ng Draft na Capital Plan ng 2027-2030

Ito ang mga pinakamahalagang proyekto at pamumuhunan sa draft na Capital Plan. Kabilang dito ang mga pangunahing pagpapahusay, mga nagpapatuloy na programa, at mga naka-target na pamumuhunan na sumusuporta sa mga prayoridad ng Konseho at kalidad ng buhay sa buong lungsod.

Inuming tubig, tubig-ulan at wastewater (\$989 M)

- Palitan ang mga lumang tubo ng tubig at alkantarilya
- Maghatid ng bago at in-upgrade na imprastraktura para sa tubig, alkantarilya, green, at proteksyon sa baha upang suportahan ang pag-unlad

Mga pasilidad ng komunidad

(kasama ang pangangalaga ng bata) (\$558 M)

- Baguhin, muling itayo, at isaayos ang mga lumang sentro ng komunidad
- Panatilihin nasa maayos na kondisyon ang mga ari-ariang nagsisilbi sa komunidad
- Planuhin/magdisenyo ng mga bagong swimming pool sa mga community center ng Marpole at Sunset
- Planuhin/idisenyo ang Britannia Community Centre at ang swimming pool, ang Kitsilano Pool, at bagong 50 metrong swimming pool
- Maghatid ng mga bagong espasyo para sa pangangalaga ng bata

Mga parke at mga pampublikong bukas na espasyo (\$278 M)

- Palitan ang sintetikong turf field sa Trillium at magtayo ng bago sa Beaconsfield Park
- Magtayo ng mga permanenteng plaza, Robson Fan Zone at komersyal na high street
- Magtanim ng mga bagong puno at magdagdag ng mga hukay para sa mga puno

Pampublikong kaligtasan (\$205 M)

- Magtayo ng bagong Firehall 2
- Palitan ang mga sasakyan at kagamitan ng pulisya, marino, at bumbero

Teknolohiya (\$93 M)

- Gawing moderno ang mga platform ng negosyo at paghahatid ng digital na serbisyo
- Palakasin ang cyber security, katatagan, at pagpapatuloy ng mga serbisyong kritikal
- Palawakin ang mga kakayahan sa data, analytics, automation, at kahandaan sa AI
- Panatilihin at baguhin ang pundasyonal na imprastraktura ng teknolohiya

Sining, kultura at pamana (\$61 M)

- Suportahan ang mga espasyong pangkultura sa pamamagitan ng programang may tulong pinansyal
- I-retrofit ang Firehall Arts Centre
- Magtayo ng bagong espasyo para sa mga artist at studio ng musika

Katatagan sa klima at lindol (\$24 M)

- Ipatupad ang mga hakbang sa pagtitipid sa gastos sa enerhiya sa mga gusali
- Mag-install ng mga bagong istasyon ng pag-charge ng EV

Mga lansangan (\$703 M)

- Isaayos at kumpletuhin ang mga panlindol na pag-upgrade ng mga tulay ng Granville at Cambie
- Isaayos at baguhin ang mga kalsada at bangketa
- Magpagawa at pagbutihin ang mga ruta para sa paglalakad, pagbibisikleta, at iba pang aktibong transportasyon

Mga pasilidad at kagamitang sibiko (\$325 M)

- Pagbutihin ang mga operasyon ng nursery ng halaman at paghahatid ng serbisyo sa Sunset Service Yard
- Maghatid ng mga bagong gusali ng operasyon sa Manitoba Yard
- Panatilihin ang kasalukuyang imprastraktura upang matugunan ang mga luma nang ari-arian

Utility sa basura at enerhiya (\$224 M)

- Kumpletuhin ang mga progresibong aktibidad sa pagsasara ng landfill
- Magdisenyo at mag-install ng bagong low-carbon baseload at peaking energy generation capacity

Pabahay (\$176 M)

- Maghatid ng mga bagong yunit ng panlipunang pabahay sa pamamagitan ng pagbili ng lupa o pagkakaloob ng mga produkto at serbisyo
- Pangalagaan o pahabain ang buhay ng mga abot-kayang yunit ng pabahay
- Magbigay ng mga tulong pinansyal para sa mga proyekto

Mga Susunod na Hakbang

Pagbobotohan ng Konseho ang pinal na Capital Plan ng 2027–2030 sa Hulyo 14. Para ibahagi ang inyong feedback sa draft na plano, magpatala para magsalita sa pulong ng Konseho sa Hulyo 14, o [ibahagi ang iyong feedback nang direkta sa Alkalde at Konseho](#).

Ang pinal na Capital Plan ay magbibigay-impormasyon sa mga tanong sa plebisito tungkol sa pangungutang na itatanong bilang bahagi ng halalang munisipal sa Oktubre 2026.

Basahin ang draft na Capital Plan ng 2027-2030 sa vancouver.ca/capitalplan